

Proteksiyon ng identidad at datos ninyo



Ano ang pagnanakaw ng identidad?

Ang pagnanakaw ng identidad ay kapag may nagnakaw ng personal na impormasyon gaya ng pangalan, student ID, driver's license number at petsa ng kapanganakan, at gamitin ang impormasyon para manloko o gumawa ng iba pang krimen.



Ano ang phishing?

Ang phishing ay kapag may isang umatake, kunwaring mapagkakatiwalaan, at kinumbinsi kang buksan ang email o mensahe, o sagutin ang text message o robocall para kunan ka ng password, mga credit card, atbp. Inilalagay rin nito sa panganib ang mga device mo.




Ano ang malware?

Isang mapanirang software ang malware. Kasama dito ang mga virus, ransomware at spyware, na ginawa para nakawin ang mga impormasyong kumpidensiyal, sirain ang mga sistema o lock, ilantad o maibenta ang mga pribadong datos maliban kung magbayad ka ng ransom.

Talakayan sa klase: Ano ang gagawin ng mga magnanakaw sa impormasyon mo?

Kapag nakuha ng mga magnanakaw ang mga importanteng impormasyon, gaya ng passwords at bank card PINs, magagawa nilang:

- Bumili gamit ang iyong bank account details.
- Isapubliko ang iyong pribadong retrato at mensahe.
- Mag-email sa mga kaibigan mo o pamilya na mukhang ikaw ang nagpadala.
- Angkinin ang iyong social media account.
- Isara ang lahat ng mga file at retrato mo at hingan ka ng ransom para mabuksan muli ito.



Paano makakatulong ang titser sa estudyante na maprotektahan ang sarili?

Sabihan ang estudyante na gumamit ng malalakas na password

- Hindi bababa sa 8 character.
- Halo ang mga malaki at maliit na letra.
- Mga numero at simbolo.
- Ibang password sa bawat account.
- Huwag sasabihin sa iba ang password mo.

Ilarawan ang mga palatandaan

- Email/text/website pop-up o robocall na may biglaang balita at gustong aksiyonan agad – sagutin na ngayon!
- Hiling o link na i-upload ang personal na datos o kumpirmahin/ palitan ang password mo.
- Mali ang grammar at ispeling o hindi tama ang logo.

Sabihan sila na mag-isip muna bago mag-klik

- Mukha bang galing ang email sa kompanyang sinasabing pinanggalingan nito? O random lang?
- Mukhang tunay ba ang link sa website o mukhang may mali?
- Huwag i-klik ang alinmang nakakadudang attachment o link.

Quiz

Nasa pahina 2 nitong dokumento ang maikling quiz. Puwedeng gamitin ito sa umpisa para malaman kung marami nang alam ang mga estudyante o sa dulo para tasahin kung gaano karami ang natutuhan nila. Nasa kanan ang mga sagot para hindi sila nakalagay sa pahina.

1. Kung ano ang mga pinapanood mo sa Netflix.
2. Hindi bababa sa 8 character na halo ng malaki at maliit na titik, mga special character at numero.
3. Nagsasabing agaran ito. Nagbabanta ito. Mukhang kakatwa ang grammar at ispeling. Galing sa random na email address.
4. May kakatwang attachment. Hinihiling sa akin na mag-klik sa isang attachment o link para ma-verify ang isang bagay. Mukhang hindi mapupunta ang link sa isang official page.
5. Burahin ito agad. Bigyan ng babala ang pamilya at kaibigan.

Proteksiyon sa inyong identidad at datos

Gaano ka kahusay sa pagprotekta ng sarili at ng datos mo online?

1. Alin ang ligtas i-share?

- ☐ Numero ng telepono at email
- ☐ Pangalan ng alagang hayop
- ☐ Tirahan
- ☐ Paboritong kulay
- ☐ Pinanood sa Netflix
- ☐ Location tag
- ☐ Pangalan ng mga magulang
- ☐ Retrato ng bahay mo
- ☐ Retrato ng eskuwelahan mo

2. Ano ang magandang password?

- ☐ Iyong madali kong matandaan
- ☐ Pangalan ng alagang hayop kasunod ang apat na asterisk
- ☐ Hindi bababa sa 8 character na may mga maliit at malaking letra, special character at numero

3. Ano ang apat na babalang palatandaang phishing scam ang email?

- ☐ Nagsasabing agaran ito
- ☐ Nagbabanta ito
- ☐ Kakatwa ang grammar at ispeling
- ☐ Kinakausap ako sa pangalan ko
- ☐ Galing sa random na email address ito
- ☐ Maganda ang ayos at may retrato

4. Ano ang tatlong babalang palatandaang may malware ang email?

- ☐ May kakatwang attachment
- ☐ Galing sa taong hindi ko kilala
- ☐ Hiling na mag-klik sa attachment o link para ma-verify ang isang bagay
- ☐ Mukhang hindi pupunta sa official page ang link

5. Anong dalawang bagay ang magagawa mo kung inaakala mong may malware ang email?

- ☐ Burahin agad
- ☐ Bigyan ng babala ang pamilya at kaibigan
- ☐ I-forward ito sa iyong mga magulang